1698

Republic of the Philippines
# Department of Education
**REGION I**
SCHOOLS DIVISION OF VIGAN CITY

**DIVISION MEMORANDUM**
No. 616, s.2025

**PAGSASAGAWA NG COMPETITIVE EXAMINATION (NCES) 2025 NG DEPARTMENT OF SCIENCE AND TECHNOLOGY – PHILIPPINE SCIENCE HIGH SCHOOL SYSTEM (DOST-PSHSS)**

Para sa: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Superbisor ng Edukasyon, SGOD at CID
Mga Pinuno ng Pampublikong Paaralang Elementarya
Lahat ng Iba Pang Kinauukulan

1. Alinsunod sa Panrehiyong Memorandum Blg. 1109, s. 2025, ipinababatid na ang Department of Science and Technology – Philippine Science High School System (DOST-PSHSS) ay magsasagawa ng National Competitive Examination (NCE) 2025, ang opisyal na pagsusulit para sa mga nais maging bahagi ng PSHS System—isang pambansang network ng mga pampublikong paaralang pang-agham na kilala sa mataas na antas ng pagsasanay sa larangan ng Agham, Teknolohiya, Inhinyeriya, at Matematika (STEM).

2. Ang NCE ay naglalaan ng STEM scholarship para sa mga piling mag-aaral upang mabigyan sila ng mas malawak na oportunidad para sa dekalidad na edukasyon at pananaliksik.

3. Ang mga kwalipikadong aplikante ay mga Pilipinong mag-aaral na kasalukuyang nasa Ika-anim (Grade 6) na baitang mula sa alinmang DepEd-accredited na pampubliko o pribadong paaralan.

4. Narito ang mahahalagang impormasyon:

- Panahon ng Aplikasyon: Hunyo 16 – Nobyembre 7, 2025
- Petsa ng Pagsusulit: Enero 31, 2026 (Sabado)
- Online Application Portal: https://nce.pshs.edu.ph
- Karagdagang Impormasyon: https://pshs.edu.ph o opisyal na Facebook Page ng PSHS: https://www.facebook.com/share/p/1FNZfgWPn/

5. Inaatasan ang lahat ng Punong-Guro na ipaalam at hikayatin ang mga kwalipikadong mag-aaral mula sa kani-kanilang paaralan na magsumite ng aplikasyon at makilahok sa pagsusulit na ito.

6. Kalakip dito ang Memorandum CO-EPS Bilang 08374, s. 2025 bilang sanggunian.

7. Para sa agarang pagpapalaganap at mahigpit na pagpapatupad.

SCHOOLS DIVISION OFFICE
DEPED VIGAN CITY
01 SEP 2025
RELEASED
BY:

**VILMA D. EDA, CESO V**
Schools Division Superintendent

Address: Mena Crisologo St. corner Rivero St., Brgy. IX, Vigan City, Ilocos Sur
Telephone No: (077) 722-20-23 / (077) 632-05-33
Email Address: vigan.city@deped.gov.ph
Website: www.depedvigancity.com
*Your Feedback is important to us. Visit this link* ***bit.ly/SDOViganCityCSM***

2508-1698 E 314

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. 1
RELEASED
022269
DATE: AUG 1 4 2025

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION I

**PANREHIYONG MEMORANDUM**
Blg. 1106 s. 2025

**PAGSASAGAWA NG COMPETITIVE EXAMINATION (NCE) 2025 NG DEPARTMENT OF SCIENCE AND TECHNOLOGY – PHILIPPINE SCIENCE HIGH SCHOOL SYSTEM (DOST–PSHSS)**

Sa Mga: Pansangay na Tagapamanihala ng Mga Paaralan

1. Ang Department of Science and Technology – Philippine Science High School System (DOST–PSHSS) ay magsasagawa ng National Competitive Examination (NCE) 2025, ang opisyal na pagsusulit para sa mga nais maging bahagi ng prestihiyosong PSHS System — isang pambansang network ng mga publikong pansekondarya ng paaralan agham na kilala sa mataas na antas ng pagsasanay sa larangan ng Agham, Teknolohiya, Engineering, at Matematika (STEM). Sa pamamagitan ng NCE, mabibigyan ng pagkakataon ang mga piling mag-aaral na makakuha ng buong STEM scholarship at magkaroon ng mas malawak na oportunidad para sa dekalidad na edukasyon at pananaliksik.

2. Ang Kagawaran ng Edukasyon Panrehiyon Tanggapan I sa pamamagitan ng Sangay ng Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto ay humihiling sa bawat Pansangay na Tanggapan na ipabatid sa mga kuwalipikadong mag-aaral sa Ikaanim na Baitang mula sa mga publiko at pribadong paaralan na makilahok sa nasabing pagsusulit.

3. Ang sumusunod ay mahahalagang impormasyon tungkol sa 2025 NCE:

a. Programa: STEM scholarship sa ilalim ng sistema ng PSHS (Philippine Science High School)
b. Kwalipikasyon: Mga mag-aaral na Pilipino sa Ikaanim na Baitang na kasalukuyang naka-enrol sa alinmang DepEd -accredited na paaralan.
c. Petsa ng Aplikasyon: Hunyo 16 – Nobyembre 7, 2025
d. Petsa ng Pagsusulit: Enero 31, 2026 (Sabado)
e. Online Application Portal: https://nce.pshs.edu.ph
f. Karagdagang Impormasyon: https://pshs.edu.ph at sa pamamagitan ng opisyal na Facebookhttps://www.facebook.com/share/p/1FNZfgWPn/

4. Kalakip dito ang Memorandum CO-EPS Bilang 08374 s. 2025 bilang sanggunian.

5. Para sa kabatiran at nararapat na aksiyon ng lahat ng kinauukulan.

**TOLENTINO G. AQUINO**
Direktor IV

Sanggunian: CO-EPS Bilang 08374 s. 2025
Kalakip: CO-EPS Bilang 08374 s. 2025
Maitala sa Perpetual Indeks
Sa sumusunod na paksa:

PAGSUSULIT

CLMD/jce/RM_NCE-PSHS2025
Agosto 13, 2025

Republic of the Philippines
**Department of Education**
OFFICE OF THE SECRETARY

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION
RECEIVED
AUG 11 2025
BY: TIME: 2:19

CO-EPS No. 08374 s. 2025

**MEMORANDUM**

FOR : **ALL REGIONAL DIRECTORS**
**ALL SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENTS**
Assistant Secretary
OIC-Office of the Undersecretary for Operations

FROM : **ATTY. FATIMA LIPP D. PANONTONGAN**
Undersecretary and Chief of Staff

**MALCOLM S. GARMA**
Assistant Secretary
OIC-Office of the Undersecretary for Operations

DepEd RO1 R E C 2 5 0 8 9 6 8

SUBJECT : **APPLICATION FOR THE NATIONAL COMPETITIVE EXAMINATION (NCE) 2025 OF THE DEPARTMENT OF SCIENCE AND TECHNOLOGY - PHILIPPINE SCIENCE HIGH SCHOOL SYSTEM (DOST-PSHSS)**

DATE : July 10, 2025

The Department of Science and Technology-Philippine Science High School System (DOST-PSHSS) is now accepting applications for the **National Competitive Examination (NCE) 2025**. NCE is the official entrance exam for the PSHS System, which is our country's top network of public science high schools. Students who pass will get a full scholarship and a chance to learn advanced Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM).

In this regard, the Department of Education enjoins all Regional and Schools Division Offices to actively disseminate and advocate the NCE 2025 to qualified Grade 6 learners from public and private DepEd-recognized elementary schools within their jurisdiction. Early identification and encouragement of learners with aptitude in science and mathematics are crucial to national development and innovation.

Key Details of the 2025 NCE:

- Program : Full STEM scholarship under the PSHS System
- Eligibility : Filipino students currently enrolled in Grade 6 at a DepEd-accredited institution and meeting prescribed qualifications
- Application Period : June 16 to November 7, 2025
- Examination Date : January 31, 2026 (Saturday)
- Online Application Portal: https://nce.pshs.edu.ph
- Additional Information : https://pshs.edu.ph or through the official PSHS Facebook post: https://www.facebook.com/share/p/1FfNZfgWPn/

We respectfully request your office's support in ensuring widespread awareness of this opportunity by informing all elementary schools and encouraging eligible students to apply.

Thank you very much.